KALUSUGAN SA PAG-AANAK AT MGA BAKUNA SA COVID-19

Setyembre 2021

PAGDADALANG-TAO

Ang mga Nagdadalang-tao at kasalukuyang nagdadalang-tao na nagkaroon ng COVID-19 ay mas malamang na malubhang magkasakit kumpara sa hindi nagdadalang-tao.[3,4]

Ang mga nagdadalang-tao na may COVID-19 ay mas malamang rin na magkaroon ng mga kumplikasyon sa pagdadalang-tao tulad ng maagang panganganak.[3,4]

Ang Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit (CDC), ang American College of Obstetricians and Gynecologists, at ang Society for Maternal-Fetal Medicine ay nagrerekomenda na ang lahat ng nagdadalang tao ay magpabakuna sa COVID-19.[1]

PAGPAPASUSO

Walang ebidensya na ang COVID-19 ay kumakalat sa mga sanggol sa pamamagitan ng gatas sa suso.[4]

Ang mga nagpapasuso na tumanggap ng mga bakunang Pfizer o Moderna ay may panlaban ng katawan (antibodies) sa kanilang mga gatas ng suso, na maaaring promotekta sa kanilang mga sanggol.[4] Hindi pa ito nakikita sa bakunang J&J.

REGLA

Ang ilang mga tao ay nag-ulat ng mga pagbabago sa kanilang siklo (cycle) ng regla kasunod ng pagpapabakuna sa COVID-19 – minsan ay mas madami o mas kaunting daloy o hindi inaasahang pagdurugo. Ang mga pagbabagong ito ay pansamantala at hindi nakakasama.[5]

PERTILIDAD



Walang ebidensya na ang mga bakuna sa COVID-19 ay nagsasanhi ng pagkalaglag o pagkabawas sa pertilidad ng mga kababaihan o kalalakihan.[2,4]

IMPORMASYON TUNGKOL SA MGA BAKUNA

Ang mga benepisyo ng 3 bakuna ay labis na mas matimbang kaysa sa kanilang mga panganib.

PFIZER (COMIRNATY)
2 DOSIS - 21 ARAW ANG AGWAT

MODERNA
2 DOSIS - 28 ARAW ANG AGWAT

J & J
1 DOSIS

LAHAT: PANGHINAHARAP NA PAMPALAKAS NA INIKSYON (BOOSTER SHOTS)

May tatlong magkakaibang bakuna sa COVID-19 na magagamit sa Amerika (US). Nagpakita na ang mga ito ay ligtas at mabisa.[6]

Hindi ka makakakuha ng COVID-19 mula sa bakuna. Wala sa mga bakuna sa COVID-19 ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19.[6]

May panganib ng isang bihira ngunit malubhang kondisyon na kinabibilangan ng pamumuo ng dugo at mababang platelets sa mga taong tumanggap ng bakunang J&J. Nangyayari ito sa halos 7 sa bawat 1 milyong nabakunahang kababaihan edad 18-49. Ang panganib ng pamumuo ng dugo ay LABIS na mas mataas sa impeksyon ng COVID-19 kaysa sa pagpapabakuna.[7,8]

VaccinateLACounty.com
Revised 9/1/21(Tagalog)

County of Los Angeles Public Health

HIGIT PANG IMPORMASYON SA BAKUNA SA COVID-19, PAGDADALANG-TAO, AT PAGPAPASUSO:

- Mga Kadalasang Katanungan (FAQ) sa Bakuna sa COVID-19 ng Pampublikong Kalusugan ng Los Angeles County: Pagdadalang-tao, Pagpapasuso, at Pertilidad sa VaccinateLACounty.com
- Mga Bakuna sa COVID-19 Habang Nagdadalang-tao o Nagpapasuso ng CDC webpage sa: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/pregnancy.html
- Mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Taong Gustong Magkaanak ng CDC sa: https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/planning-for-pregnancy.html
- Pagpapabakuna sa COVID-19 ng Society for Maternal and-Fetal Medicine kung Ikaw ay Nagdadalang-tao o Nagpapasuso

PAANO MABABAKUNAHAN:

Bisitahin angVaccinateLACounty.com at iklik ang "Paano Mababakunahan" upang makahanap ng lokasyong malapit sa iyo.

Walang tipanan (appointment) ang kailangan sa maraming lokasyon. Libre ang mga bakuna at hindi mo kailangan ng seguro (insurance). Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan sa iyong imigrasyon.

Maaari mo ring tawagan ang Sentro ng Tawagan (Call Center) ng Bakuna sa 833-540-0473. Bukas ang sentro ng tawagan araw-araw mula 8:00 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi at matutulungan kang:

- Humanap ng lokasyon sa pagpapabakuna sa iyong purok
- Isaayos ang transportasyon papunta at pabalik mula sa lugar ng pagpapabakuna
- Humiling ng pagpapabakuna sa bahay kung hindi ka nakakaalis ng bahay

1ACOG and SMFM Recommend COVID-19 Vaccination for Pregnant Individuals. https://www.acog.org/news/news-releases/2021/07/acog-smfm-recommend-covid-19-vaccination-for-pregnant-individuals

2 CDC. CDC Data: COVID-19 Vaccination Safe for Pregnant People. https://www.cdc.gov/media/releases/2021/s0811-vaccine-safe-pregnant.html

3CDC. Pregnant and Recently Pregnant People at Increased Risk from Severe Covid-19. https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/need-extra-precautions/pregnant-people.html

4 CDC. COVID-19 Vaccines While Pregnant or Breastfeeding. https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/recommendations/pregnancy.html

5 NIH. COVID-19 Vaccines and the Menstrual Cycle. https://covid19.nih.gov/news-and-stories/covid-19-vaccines-and-menstrual-cycle

6 CDC. Ensuring COVID-19 Vaccine Safety in the US. https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety.html

7CDC. CDC Recommends Use of Johnson and Johnson's Janssen COVID-19 Vaccine Resume. https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/safety/JJUpdate.html

8CDC. What do I need to know about Johnson & Johnson's Janssen COVID-19 Vaccine (J&J/Janssen) now? https://www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/downloads/vaccines/324167-a-consumer-facing-three-vaccines-8.5x11-final-print.pdf